# Pagbibigay ng magandang paglalarawan

Ang kaligtasan ng komunidad at pag-iwas sa krimen ay responsibilidad ng lahat. Maaari kang tumulong sa pulisya sa pamamagitan ng pagbibigay ng magandang paglalarawan ng sinumang nakita mong gumagawa ng krimen o kumikilos nang kahina-hinala.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangyayari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444 o mag-report online o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

/queenslandpolice

@qldpolice

@qldpolice

Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ano ang dapat mong gawin

Kung may nasaksihan kang gumagawa ng isang krimen o naobserbahan na may kahina-hinalang kilos, isulat kaagad ang iyong nakita. Magtabi ng tala ng petsa at oras kung kailan mo naobserbahan ang mga ito dahil mahalaga ito kung kinakailangan mong magbigay ng pahayag sa pulisya. Kung may nakita kang gumagawa ng krimen, sundin ang mga hakbang na ito:

- Kapag ligtas na gawin ito, kontakin ang pulisya.
- Maging kalmado at ibigay ang iyong pangalan, tirahan at numero ng telepono.
- I-report kung ano ang nangyayari at kung saan.
- Manatili sa telepono.
- Kung ligtas mong magagawa, manatiling nakatingin at patuloy na iulat kung ano ang nangyayari.

## Paglalarawan ng isang tao

Kapag naglalarawan, mahalagang subukan na bumuo ng kumpletong larawan ng isang tao mula ulo hanggang sa daliri ng paa. Gamitin ang mga paglalarawan (descriptor) ng tao sa kabilang pahina bilang iyong gabay at tandaan ang mga sumusunod na detalye:

- Kasarian at grupo ng edad.
- Laki ng kaha (frame) ng katawan.
- Gupit at kulay ng buhok.
- Pananamit.
- Anumang natatanging detalye tulad ng mga pilat, tato o salamin sa mata.

## Paglalarawan ng sasakyan

Kung ang sasakyan ay ginamit sa isang krimen o kahina-hinalang kilos, mahalagang tandaan ang mga sumusunod:

- Rehistro ng sasakyan.
- Kulay.
- Gawa at modelo.
- Anumang sira o kalawang.
- Anumang natatanging palatandaan o sulat.
- Ang direksyon ng paglalakbay ng sasakyan.

Queensland Government

# Mga Paglalarawan (Descriptor) ng Tao sa QPS

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | 15–20 | 20–30 | 30–40 | 40–50 | 50–60 | 60+ |
| **Tindig** | Payat | Average | Malaman | Malaki | Lalaki | Babae |

| | **Kulay** | **Uri** | **Haba** | **Kondisyon** |
|---|---|---|---|---|
| **Buhok** | itim na brown<br>kulay-abo na mabuhangin<br>blonde na pula | tuwid na alon-alon<br>kulot na afro<br>dreadlock | ahit-kalbo<br>medyo maikli<br>mahaba | malinis na makapal<br>manipis na gulu-gulo<br>malangis |

| | **Sa sentimetro** | **Sa pulgada** |
|---|---|---|
| **Taas** | ........................................................................ | ........................................................................ |

| | **Kulay** | **Tipo** | **Mga kilay** | **Salamin sa mata** |
|---|---|---|---|---|
| **Mga mata** | itim na brown<br>kulay-abong berde<br>asul na kulay-kastanyas | madilat at luwa<br>makitid na banlag<br>malalim | sobrang kapal na magkadikit<br>thin thick<br>shaved | malinaw na plastik<br>may kulay na metal<br>madilim |

| | **Hitsura** | **Kulay ng balat** | **Uri ng balat** |
|---|---|---|---|
| **Hitsura** | ............................................ | ............................................ | malinis na malangis<br>mataghiyawat na oliba<br>matigidig |

**Paglalarawan at Kulay Pananamit**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pananamit** | Pantaas na panlabas na kasuotan | Itaas na bahagi ng katawan panloob na kasuotan | Ibabang bahagi ng katawan | Suot sa ulo | Suot sa paa | Mga guwantes |

| | **Mga pilat** | **Mga tato** | **Iba pa** |
|---|---|---|---|
| **Mga detalye** | Paglalarawan: ........................<br>Lokasyon: ............................. | Paglalarawan: ........................<br>Lokasyon: ............................. | Paglalarawan: ........................<br>Lokasyon: ............................. |

| | **Pustura** | **Kilos** | **Mukha** | **Mga mata** | **Pagsasalita** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Iba pa** | nakabaluktot<br>tuwid | maalog<br>normal<br>malata | makibot<br>normal | kumikislap<br>normal<br>sumisipat | mabagal<br>mabilis<br>bulol<br>kinakain ang salita<br>may punto |

**Mga bagay na dala ng tao halimbawa mga bag, mga aksesorya, mga armas**

Paglalarawan: ......................................  Paglalarawan: .......................................................

Lokasyon: ...........................................  Lokasyon: ..............................................................